**KAUTUSANG PANLUNGSOD BILANG 2024-171**

**KAUTUSAN NA NAGSASAAD NG PARE-PAREHONG HALAGA NG PAMASAHE PARA SA MGA TRAYSIKEL SA HALAGANG LABING DALAWANG PISO (PHP12.00) BILANG MINIMUM FARE AT KARAGDAGANG PAMASAHE NA NAKABASE SA MGA TARIPA (FARE MATRIX) NA ISINUMITE NG BAWAT SAMAHAN PARA SA KANILANG LINYA ALINSUNOD SA ITINAKDAD NG MUNTINLUPA TRAFFIC MANAGEMENT BUREAU (MTMB) AT TRICYCLE REGULATORY UNIT (TRU) NG MUNTINLUPA**

*****************************************************************************************************

***Pinanukala nina:*** ***Kgg. Kon. Ting Niefes***
***Kgg. Kon. Mggl. Raul R. Corro***
***Kgg. Kon. Alexson V. Diaz***
***Kgg. Kon. Paty Katy C. Boncayao***
***Kgg. Kon. Mggl. Rachel Katriel Ann C. Arciaga***
***Kgg. Kon. Ivee Rhia A. Tadefa***
***Kgg. Kon. Allan Rey A. Camilon***
***Kgg. Kon. Jedidiah R. Presnedi, LPT***
***Kgg. Kon. Ting Niefes***
***Kgg. Kon. Mark Lester M. Baes***
***Kgg. Kon. Francis lan T. Bagatsing***
***Kgg. Kon. Inhr. Mamerto T. Sevilla, Jr.***
***Kgg. Kon. Inhr. Marissa C. Rongavilla***
***Kgg. Kon. Inhr. Arlene D. Hilapo***
***Kgg. Kon. Cornelio M. Martinez***
***Kgg. Kon. Rodolfo W. Moldez, Jr.***
***Kgg. Kon. Jonas Angelo L. Abadilla - SK President***
***Kgg. Kon. Allen F. Ampaya – LB President***

*****************************************************************************************************

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Seksiyon 458(3)(iv) ng Republic Act No. 7160 (Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng taong 1991) Artikulo 99(a)(3)(vi) ng Implementing Rules and Regulations; Artikulo V, Seksiyon 11(c) (6) ng Republic Act No. 7926 o tinatawag na Karta (Charter) ng Lungsod ng Muntinlupa ang Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ay may kapangyarihang magbigay ng prangkisa upang isunod o alinsunod sa batas ng operasyon ng mga traysikel sa nasasakupan ng lugar na ito;

**SAPAGKAT,** hiniling ng Pamunuan ng **Federation of Muntinlupa Tricycle Operators and Drivers Association, Inc., (FEDMUNTODAI)** na makapagtaas ng pamasahe sa Traysikel mula sa kasalukuyang halagang **Sampung Piso (Php10.00)** tungo sa **Labingdalawang Piso (Php12.00)**;

**SAPAGKAT,** nakasaad sa **Seksiyon 4.2.9** ng Kautusang Panlungsod Bilang **96-66** na ang **Tricycle Regulatory Unit (TRU)** ay binigyan ng tungkulin upang irekomenda ang pasahe at halagang sisingilin at babayaran ng pasahero;

**SAPAGKAT,** iniri-rekomenda **Tricycle Regulatory Unit (TRU)** sa Sangguniang Panlungsod sa pamamagitan ng Komite ng Transportasyon ang halagang Labingdalawang Piso (Php12.00) ang pamasahe sa Tricycle;

Republic of the Philippines
CITY GOVERNMENT OF MUNTINLUPA
Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa



**SAPAGKAT,** sang-ayon sa Seksiyon 15.2 ng **Kautusang Panlungsod Bilang 96-66** ay nagsasaad ng, "xxx anumang karagdagan ay kinakailangang batas sa kapahintulutan ng Sangguniang Panlungsod;

**SAPAGKAT,** kinikilala ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ang tungkulin ng mga Traysikel bilang isa sa mga pangunahing pamamaraan ng pampublikong transportasyon;

**NGAYON DAHIL DITO, ISINASABATAS,** ng 10th Sangguniang Panlungsod sa kanilang Regular na Pagpupulong ang mga sumusunod:

**SEKSIYON 1.** *Pamagat* – ang kautusang ito ay tatawaging ***"Kautusang Panlungsod ng nagsasaad ng pare-parehong halaga ng pamasahe para sa mga traysikel sa halagang Labingdalawang Piso (Php12.00)"***.

**SEKSIYON 2.** *Sakop* – ang kautusang ito ay sasakop sa lahat ng mga traysikel na may prangkisa at legal na bumibyahe sa nasasakupan ng Lungsod ng Muntinlupa.

**SEKSIYON 3.** *Pamasahe* – ang pagtaas at pagbaba ng halaga ng pamasahe ay alinsunod sa itinakda/itatakda ng batas nasyonal para sa pang Transportasyon at sang-ayon sa rekomendasyon ng **MTMB-TRU** at pagsasabatas ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa.

**SEKSIYON 4.** Ang halagang itinakda ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa na sang-ayon sa itinakda ng **MTMB-TRU** ay ang mga sumusunod:

1. Ang **Regular** na pamasahe ng pampasadang Traysikel na de-motor ay halagang **Labingdalawang Piso (Php12.00)**.
2. Ang **dalawampung porsiyento (20%)** na diskwento para sa mga Matatanda **(Senior Citizens)**, Estudyante **(Students)** at taong may kapansanan **(Persons with Disability)**.
3. Ang **Espesyal Trip** na pamasahe ay base sa Regular na pamasahe at bilang ng pasahero na sasakay at sang-ayon sa pinagkasunduan ng pasahero at drayber.

**SEKSIYON 5.** Ang lahat ng Traysikel na pumapasada sa nasasakupan ng Lungsod ng Muntinlupa ay kinakailangang maglagay ng **Uniform Fare Matrix (UFM) ng bawat TODA sa kanilang Terminal** at **sa loob ng bawat Tricycle** upang ang mga pasahero ay hindi na magreklamo at magtanong kung magkano ang pamasahe.

**SEKSIYON 6.** Ang **Uniform Fare Matrix (UFM)** ay manggagaling sa Tanggapan ng **Tricycle Regulatory Unit (TRU)** na may lagda ng Pangulo ng bawat **TODAI** sa bawat **SONA** at pinagtibay ng **MTMB.**

**SEKSIYON 7.** Inaatasan ang **Tricycle Regulatory Unit (TRU)** na ang Kautusang pagtataas ng Pamasahe ay mahigpit na mai-monitor at maipatupad sang-ayon sa probisyong nakapaloob dito.

**SEKSIYON 8.** ***Parusa sa Lalabag*** **-** Ang sinumang Drayber o Operator ng pampasadang Traysikel na de-motor ang lalabag sa probisyon ng Kautusang ito ay papatawan ng multa ng halagang **Isang Libong Piso (Php1,000.00)** o pagkakakulong ng isang (1) buwan o parehas na multa at pagkakakulong, alinsunod sa malayang hatol ng Hukuman.

**SEKSIYON 9.** ***Sugnay ng pagpapawalang Bisa*** - Ang lahat ng mga kapasiyahan, kautusan, alituntunin at patakaran o bahagi nito na taliwas sa mga probisyon ng Kautusang ito ay pinawawalang bisa o babaguhin alinsunod dito.

**SEKSIYON 10.** ***Sugnay ng magbibigay Bisa*** **–** Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos ang ***pagpapalathala*** sa anumang pahayagan na may malawak na sirkulasyon sa Lungsod.

**ISINABATAS,** ng ***10th Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** ngayong **ika-25** ng **Marso 2024,** sa kanilang ***ika-85 Regular na Pagpupulong***.

**SUMANG-AYON:**

**DISTRITO 1:**

**KON. MGGL. RAUL R. CORRO**
*Miyembro*

**KON. ALEXSON V. DIAZ**
*Miyembro*

**KON. PATY KATY C. BONCAYAO**
*Miyembro*

**KON. MGGL. RACHEL KATRIEL ANN C. ARCIAGA**
*Miyembro*

**KON. IVEE RHIA A. TADEFA**
*Miyembro*

**KON. ALLAN REY A. CAMILON**
*Miyembro*

**KON. JEDIDIAH R. PRESNEDI, LPT**
*Miyembro*

**KON. TING NIEFES**
*Miyembro*

**DISTRITO 2:**

**KON. MARK LESTER M. BAES**
*Miyembro*

**KON. FRANCIS IAN T. BAGATSING**
*Miyembro*

**KON. INHR. MAMERTO T. SEVILLA, JR.**
*Miyembro*

**KON. INHR. MARISSA C. RONGAVILLA**
*Miyembro*

**KON. ENGR. ARLENE D. HILAPO**
*Miyembro*

**KON. CORNELIO M. MARTINEZ**
*Miyembro*

**KON. RODOLFO W. MOLDEZ, JR.**
*Miyembro*

***Kinatawan ng Sektor:***

**KON. ALLEN F. AMPAYA**
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**KON. JONAS ANGELO L. ABADILLA**
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

**PINATOTOTOHANAN KO,** ang katumpakan ng Kautusang ito.

**CECILIA C. LAZARTE**
*Kalihim para sa Sanggunian*

**PINATUTUNAYAN:**

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**ROZZANO RUFINO B. BIAZON**
*Punonglungsod*

*Petsa:* 19 APR. 2024

***None/10th SP***